

# “6<sup>th</sup> Wave” State of Emergency (Buod)

2022 Enero 17

COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government  
Panahon ng Pagpapatupad: Enero 17 ~ Pebrero 18

Higit na pinalakas ang mga countermeasures dahil sa walang katulad na bilis sa pagkalat ng impeksiyon. Sentro dito ang mga kabataan, noong tatlong araw na magkakasunod na holiday, lalo na ang mga kainan/party kaugnayan sa *seijin-shiki* (coming-of-age ceremony).

## **Basic Preventive Measures laban sa impeksiyon:**

- **Iwasan ang hindi kinakailangan at hindi importanteng paglabas- pasok sa ibang Prepektura** hangga’t maaari, kabilang ang mga lugar na may Semi at/o State of Emergency.
- **Iwasan ang mga mataong lugar** na may mataas ang peligro ng impeksiyon
- Lubusang **iwasang kumain kasama ang mga taong hindi karaniwang nakakasalamuha**, pati na rin sa bahay, iwasan ring kumain kasama ang malaking grupo at mahabang oras (hanggang 4 na tao, sa loob ng 2 oras bilang gabay)

## **Request sa pambansang pamahalaan ng “Designation bilang Special Measures District to Prevent Further Spread of Infections”:**

- Pagkatapos ng designation, ang mga sumusunod na hakbang ay ipapatupad

- Area : Lahat ng 42 Munisipalidad
- Pagpapaikli ng mga oras sa mga Restawran, atbp., sa mga lugar na may “Priority Measures” ng hanggang 20:00 at pagsususpende sa pagsilbi ng anumang alak
- Hinihiling iwasan ang paglabas pasok sa mga restawran pagkalipas ng 20:00

## **Policy Measures sa School:**

- Pagpapalakas ng mga hakbang sa pagkontrol sa impeksiyon sa mga paaralan

kahit isang bata sa klase ang napag-alamang positibo, **ang buong klase ay agad na isasara.**

kahit isang miyembro ng club ang napag-alamang positibo, **agad na pagsususpende ng club activities.**

# Development sa bilang ng COVID Cases sa bawat 100,000 katao sa Gifu (7-day average) at Countermeasures na ginawa ng Prepektura

